# *Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 2*

* Ang pagpapasya ay isa sa gawaing kailangang gawin nang mas madalas at sa pang araw araw na batayan. * Mahirap itong gawin, maging sa mga taong mahusay na sinanay at dumaan sa maraming pagsubok at hirap sa buhay at ministeryo. * Ilagay sa iyong isipan na hindi lamang kailangan mong magpasiya kundi kailangan mong gumawa ng tamang pagpapasya.

May mga nagsasabi, kaya kong magpasyang mag isa, marunong akong magdasal, nagbabasa ako ng Bibliya ko, napupuspos ako ng Banal na Espiritu, bakit nga pang kailangan kong tanungin ang pinuno ng simbahan sa paggawa ng desisyon. Maging si Josue ay napuspos ng Banal na Espiritu ngunit kailangan pa rin niyang patuloy na hilingin kay Eleazar na tulungan siya sa paggawa ng desisyon, ***"9 At si Josue na anak ni Nun ay napuspos ng diwa ng karunungan: sapagka't ipinatong ni Moises ang kaniyang mga kamay sa kaniya; at dininig siya ng mga anak ni Israel, at ginawa nila ang gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises." (Deutronomio 34:9 KJV)*** Si Josue gaya ng mababasa natin dito ay puspos ng Banal na Espiritu ngunit sa pagpapasya kinakailangan niyang tanungin si Eleazar ang saserdote upang gawin iyon dahil iyon ang tuntunin ng Dios at iniutos Niya gaya ng mababasa natin dito, ***"18 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Ipagsama mo si Josue na anak ni Nun, isang lalake na kinakasihan ng Espiritu, at ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya; 19 At iharap mo siya kay Eleazar na saserdote, at sa buong kapisanan; at pagbilinan mo siya sa kanilang paningin. 20 At lalagyan mo siya ng iyong karangalan upang sundin siya ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel. 21 At siya'y tatayo sa harap ni Eleazar na saserdote, na siyang maguusisa tungkol sa kaniya, ng hatol ng Urim sa harap ng Panginoon: sa kaniyang salita, ay lalabas sila, at sa kaniyang salita, ay papasok sila, siya at ang lahat ng mga anak ni Israel na kasama niya, sa makatuwid baga'y ang buong kapisanan. 22 At ginawa ni Moises gaya ng iniutos ng Panginoon sa kaniya: at kaniyang ipinagsama si Josue, at kaniyang iniharap kay Eleazar na saserdote, at sa buong kapisanan: 23 At kaniyang ipinatong ang mga kamay niya sa kaniya, at pinagbilinan niya siya, gaya ng sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ni Moises." (Bilang 27:18-23 KJV)*** Hindi ka mas magaling kaysa kay Josue, kung gayon kailangan mong sumunod sa Salita ng Dios.

Ating basahin kong paanong isinagawa ni Josue ang utos na ibinigay ni Moises sa kanya patungkol sa paggawa ng pagpapasya para sa Panginoon. ***"1 At nangyari, nang mabalitaan ng lahat ng hari na nangasa dako roon ng Jordan sa lupaing maburol, at sa mga kapatagan, at sa lahat ng baybayin ng malaking dagat sa tapat ng Libano, ng Hetheo, at ng Amorrheo, ng Cananeo, ng Pherezeo, ng Heveo, at ng Jebuseo; 2 Ay nagpipisan upang labanan si Josue at ang Israel, na may pagkakaisa. 3 Nguni't nang mabalitaan ng mga taga Gabaon ang ginawa ni Josue sa Jerico at sa Hai, 3 Ay gumawa naman silang may katusuhan at yumaon at nagpakunwaring sila'y mga sugo, at nagpasan ng mga lumang bayong sa kanilang mga asno at mga sisidlang balat ng alak na luma, at punit at tinahi; 5 At mga tagpi-tagping pangyapak na nakasuot sa kanilang mga paa, at ng mga lumang bihisan na suot nila; at ang lahat na tinapay na kanilang baon ay tuyo at inaamag. 6 At sila'y nagsiparoon kay Josue sa kampamento sa Gilgal, at nangagsabi sa kaniya at sa mga lalake ng Israel, Kami ay mula sa malayong lupain: ngayon nga'y makipagtipan kayo sa amin.*** (Dito ang mga Gibeonita ay gumamit upang linlangin ang mga Israelita at makipagkasundo sa kanila dahil alam nila na sila ay malilipol, sapagkat sila ay kabilang sa mga bansa na itataboy ng Dios mula sa lupain ng Canaan upang hayaan ang Kanyang bayan na manirahan sa kanilang lugar. Ang kaaaway ang diablo at ang mga lingkod nito, ay kumikilos upang dayain tayo at nais na gumawa ng isang kasunduan at kontrata sa atin. Kaya naman kailangan natin maging maingat na sundin ang mga landas ng Dios at ang Kanyang utos nang maingat upang iwasan ang kanilang mga pandaraya.) ***7 At sinabi ng mga lalake ng Israel sa mga Heveo, Marahil kayo'y nananahang kasama namin; at paanong kami ay makikipagtipan sa inyo? 8 At kanilang sinabi kay Josue, Kami ay iyong mga lingkod. At sinabi ni Josue sa kanila, Sino kayo at mula saan kayo? 9 At sinabi nila sa kaniya, Mula sa totoong malayong lupain ang iyong mga lingkod, dahil sa pangalan ng Panginoon mong Dios: sapagka't aming nabalitaan ang kabantugan niya, at ang lahat niyang ginawa sa Egipto, 10 At lahat ng kaniyang ginawa sa dalawang hari ng mga Amorrheo, na nasa dako roon ng Jordan, kay Sehon na hari sa Hesbon, at kay Og, na hari sa Basan, na nasa Astarot. 11 At ang aming mga matanda at ang lahat na tagaroon sa aming lupain ay nagsalita sa amin, na sinasabi, Magbaon kayo sa inyong kamay ng maipaglalakbay, at yumaon kayo na salubungin ninyo sila, at inyong sabihin sa kanila, Kami ay inyong mga lingkod: at ngayo'y makipagtipan kayo sa amin, 12 Itong aming tinapay ay kinuha naming mainit na pinakabaon namin mula sa aming mga bahay nang araw na kami ay lumabas na patungo sa inyo; nguni't ngayon, narito, tuyo at inaamag:13 At ang mga sisidlang balat ng alak na ito na aming pinuno ay bago; at, narito, mga hapak: at itong aming mga bihisan at aming mga pangyapak ay naluma dahil sa totoong mahabang paglalakbay.14 At kumuha ang mga tao sa Israel ng kanilang baon, at hindi humingi ng payo sa bibig ng Panginoon.*** (Dito, si Josue at ang mga Israelita ay narinig ang kanilang salayasay nang maingat, nagdududa sila sa kanila, sila'y sinisiyasat at sinuri ang kanilang mga patotoo na mapanlinlang nilang inihanda, ngunit hindi sila nagtanong mula sa bibig ng Panginoon. Paanong hindi sila nagtanong sa bibig ng Dios? Si Josue ay hindi umalis at tumayo sa harap ni Eleazar ang saserdote; hindi niya tinawag si Eleazar, na hihingi ng payo sa kanya mataps ng paghatol ng Urim sa harap ng PANGINOON. Hindi nagtanong si Josue kay Eleazar ang saserdote upang magtanong para sa kanya mula sa Dios. Kailangan nating marinig ang mga tao na lalapit sa

atin at makinig sa kanila at sa kanilang mga salaysay at kailangan nating siyasatin ang kanilang mga patotoo ngunit iyon ay hindi sapat, kailangan pa rin nating magtanong mula sa Dios sa pamamagitan ng pananalangin at sa paghingi ng payo mula sa Panginoon sa pamamagitan ng mga namumuno ng simbahan na iniligay ng Dios sa atin.) ***15 At si Josue ay nakipagpayapaan sa kanila at nakipagtipan sa kanila, na pabayaan silang mabuhay: at ang mga prinsipe ng kapisanan ay sumumpa sa kanila.*** (Marami sa mga kasapi ng simbahan sa ngayon nag-uusap sila para gumawa ng mabibigat na pagpapasya nang hindi lumalapit sa simbahan at nagtatanong sa Dios. Ngunit pagkatapos nilang magpasya ay malalaman nilang may problema sila.) ***16 At nangyari, sa katapusan ng tatlong araw, pagkatapos na sila'y makapagtipanan sa kanila, na kanilang nabalitaan na sila'y kanilang kalapit bayan, at sila'y nananahang kasama nila.*** (Karamihan sa mga nagsasagawa ng malayang desisyon ay haharapin nila ang mga kaguluhan at problema mula sa maling pasya na kanilang ginawa.) ***17 At ang mga anak ni Israel ay naglakbay, at naparoon sa kanilang mga bayan sa ikatlong araw. Ang kanila ngang mga bayan ay Gabaon, Caphira, at Beeroth, at Kiriath-jearim.18 At hindi sila sinaktan ng mga anak ni Israel, sapagka't ang mga prinsipe ng kapisanan ay sumumpa sa kanila sa pangalan ng Panginoon, ng Dios ng Israel. At inupasala ng buong kapisanan ang mga prinsipe.19 Nguni't sinabi ng lahat ng mga prinsipe sa buong kapisanan, Kami ay sumumpa sa kanila sa pangalan ng Panginoon, ng Dios ng Israel: ngayon nga'y hindi natin magagalaw sila, 20 Ito ang ating gagawin sa kanila at sila'y ating pababayaang mabuhay; baka ang pagiinit ay sumaatin dahil sa sumpa na ating isinumpa sa kanila. 21 At sinabi ng mga prinsipe sa kanila, Pabayaan silang mabuhay: sa gayo'y sila'y naging mamumutol ng kahoy at mananalok ng tubig sa buong kapisanan; gaya ng sinalita ng mga prinsipe sa kanila. 22 At ipinatawag sila ni Josue, at nagsalita siya sa kanila, na sinasabi, Bakit kayo'y nagdaya sa amin na nagsasabi, Kami ay totoong malayo sa inyo; dangang nananahan kayong kasama naming? 23 Ngayon nga'y sumpain kayo, at hindi mawawalan sa inyo kailan man ng mga alipin, ng mamumutol ng kahoy at gayon din ng mananalok ng tubig sa bahay ng aking Dios.24 At sila'y sumagot kay Josue, at nagsabi, Sapagka't tunay na nasaysay sa iyong mga lingkod, kung paanong iniutos ng Panginoon ninyong Dios kay Moises na kaniyang lingkod na ibibigay sa inyo ang buong lupain, at inyong lilipulin ang lahat na nananahan sa lupain sa harap ninyo; kaya't ikinatakot naming mainam ang aming buhay dahil sa inyo, at aming ginawa ang bagay na ito, 25 At ngayon, narito, kami ay nasa iyong kamay: kung ano ang inaakala mong mabuti at matuwid na gawin sa amin, ay gawin mo.26 At gayon ang ginawa niya sa kanila, at iniligtas niya sila sa kamay ng mga anak ni Israel, na hindi sila piñatay. 27 At ginawa sila ni Josue nang araw na yaon na mga mamumutol ng kahoy at mga mananalok ng tubig sa kapisanan, at sa dambana ng Panginoon, hanggang sa araw na ito, sa dakong kaniyang pipiliin." (Josue 9:1-27 KJV)*** * Pagkatapos mong gumawa ng iyong sariling pasya, ang maiiwan lamang para sa iyo ay harapin ang mga bunga ng iyong sariling maling pasya. * Bawat puno ng isang pamilya ay tulad ni Josue na mamumuno sa kanyang pamilya, ngunit kailangan niyang maging may kaugnayan sa simbahan at handang lumapit at ipagbigay alam ang mga hamong kinakaharap niya at pagpapasya na kailangan niyang gawin. Sa tiyak na pagpapasya tulad ng pagbabago ng trabaho, paghahanap ng plano sa pag-aaral sa hinaharap, pag-aasawa at paghahanap ng tamang kasosyo, pagbili at pagbebenta ng lupa at mga ari-arian, pagbili ng kotse, paglipat ng malaking halaga ng pera, at ang iba pa, ang mga kapatid na nahaharap sa gayon ay kailangan nilang lumapit at ipa alam sa simbahan upang tulungan silang malaman ang kalooban ng Dios at ang perpektong desisyon na kailangan nilang gawin upang makalipat sa susunod na hakbang ng buhay.

Tungkol sa Urim at Thummim na nasa baluti sa dibdib ng paghatol ng mataas na saserdote, sila ay iisa sa labindalawang bato; at mapapansin na kung saan binanggit ang mga bato ay walang sinabi tungkol sa Urim at Tummim, at kung saan sinusunod ang Urim at Tummim, walang paunawa na kinuha sa mga bato. Basahin natin ang mga sumusunod na Kasulatan na nagsasalita tungkol dito: ***"6 At kanilang ginawa ang mga batong onix na pinamutihan ng kalupkop na ginto, na ayos ukit ng isang panatak, ayon sa mga pangalan ng mga anak ni Israel. 7 At kaniyang inilagay sa ibabaw ng pangbalikat ng epod upang maging mga batong pinakaalaala sa ikagagaling ng mga anak ni Israel; gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises. 8 At kaniyang ginawa ang pektoral, na gawa ng bihasang manggagawa, gaya ng pagkayari ng epod; na ginto, at kayong bughaw, at kulay-ube, at pula, at linong pinili. 9 Parisukat; kanilang ginawang nakatiklop ang pektoral: isang dangkal ang luwang niyaon, pagka nakatiklop. 10 At kanilang kinalupkupan ng apat na hanay na sarisaring bato: isang hanay ay sardio, topacio, at karbungko na siyang unang hanay. 11 At ang ikalawang hanay, ay isang esmeralda, isang zafiro, at isang diamante. 12 At ang ikatlong hanay, ay isang jacinto, isang agata, at isang ametista. 13 At ang ikaapat na hanay ay isang berilo, isang onix, at isang jaspe; na mga natatakpan ng mga pamuting ginto sa kanilang mga pagkakakalupkop. 14 At ang mga bato ay ayon sa mga pangalan ng mga anak ni Israel, labingdalawa, ayon sa kanilang mga pangalan; na ayos ukit ng isang panatak; bawa't isa'y ayon sa kaniyang pangalan, na ukol sa labingdalawang lipi." (Exodu 39:6-14 KJV) "6 At dinala ni Moises si Aaron at ang kaniyang mga anak, at hinugasan ng tubig. 7 At isinuot sa kaniya ang kasuutan, at binigkisan ng pamigkis, at ibinalabal sa kaniya ang balabal, at sa kaniya'y ipinatong ang epod, at ibinigkis sa kaniya ang pamigkis ng epod na mainam ang pagkayari, at tinalian nito. 8 At ipinatong sa kaniya ang pektoral: at inilagay sa loob ng pektoral ang Urim at ang Thummim." (Levitico 8:6-8 KJV)*** Sa pamamagitan ng Urim at Thummim ang mga bato na inilagay sa baluti ng saserdote, ang saserdote ay mahalagang tanungin ang Dios sa panalangin sa pagbibigay ng sagot sa kahilingan ng tao na lumalapit sa Dios at hinahanap ang Kanyang kalooban. Ang gamit ng mga ito ay magkaroon ng pangalan ng mga anak ng Israel na inukit sa kanila, at sa

gayo'y mabuhay sa puso ni Aaron, ang saserdote, kapag siya ay pumunta sa banal na dako, gaya ng narito ang sinabi sa Urim at Thummim ang mga ito ay nasa baluti; at ang pagsasangguni na iyon ay maaaring gawin nila sa mga bagay na may mga kahirapan. Ang mauunawaan sa gayong kasunduan na ang personal na pagpapasya na bawat isang kasapi ng simbahan ay hindi pag isahan sa lahat ng mga kapisanan ng Panginoon dahil ang kanilang buhay ay kaugnay sa isang kapalaran at isang direksyon ng Panginoon, at ang personal na pasyang iyon ay kaugnay sa kapakanan at sa kapalaran ng buong kapisanan ng mga Israelita.

Ang pinaka malamang na dahilan sa likod ng pag uugnay ng desisyon ng indibidwal sa iba pang mga kasapi ng katawan ng kapisanan at nakatali sa kanila na kunin at ipatupad ang pasyang iyon sa kaalaman ng natitirang bahagi ng bayan ng Dios, ay upang labanan ang kasakiman ng mga indibidwal na hinihimok ng kanilang kasakiman na gumawa ng mga desisyon na malaya sa interes ng ibang tao at salungat sa kalooban ng Dios. Sinabi ni Pablo sa mga taga Filipos ang mga sumusunod: ***"19 Huwag tingnan ng bawa't isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawa't isa naman ay sa iba't iba." (Filipos 2:4 KJV)*** Ang bawat isa sa inyo ay dapat huwag tingnan lamang ang kanyang sariling interes kundi sa kapakanan ng iba at lalo na ng buong kapakanan ng simbahan at sa ministerio ng Panginoon kapag ikaw ay gumagawa ng isang pasya; na hindi dapat iyon makaapekto sa plano at kalooban ng Dios sa indibidwal na kasapi at sa lahat ng katawan ng Kanyang simbahan.

Sinabi ni Pablo sa kanila ang sumusunod: ***"19 Datapuwa't inaasahan ko sa Panginoong Jesus na suguing madali sa inyo si Timoteo, upang ako naman ay mapanatag, pagkaalam ko ng inyong kalagayan. 20 Sapagka't walang taong katulad ko ang pagiisip na magmamalasakit na totoo sa inyong kalagayan." (Filipos 2:19-20 KJV)*** Nais isugo ni Pablo sila kay Timoteo upang malaman ang kanilang kalagayan at iyong ang magpapaginhawa sa kanila na para siya mismo ang bumisita sa kanila. Sinabi niya sa kanila na walang makakagawa niyon nang maayos maliban kay Timoteo, dahil ang lahat ay tumitingin sa kanilang sariling kapakanan, at sa kanilang sariling kalooban at ng kanilang pakinabang, ngunit hindi ang mga bagay ng Dios. Kaya narito rin ang dahilan kung bakit iniugnay ng Dios ang desisyon ng mga indibidwal sa natitirang bahagi ng katawan ni Cristo, ang Kanyang simbahan, ay upang pigilan ang mga taong makasarili na hindi handang pigilan ang kanilang sarili na gumawa ng mga pagpapasya na salungat sa kalooban at kapakanan ni Cristo.

Ang sinumang indibidwal kapag siya ay gumawa ng isang pasya ang kanyang desisyon ay magkakaroon ng bunga at epekto sa buhay ng kapisanan ng Panginoon, at sa kapakanan ng Panginoon, iyon ang dahilan kung bakit ang simbahan, ang saserdote sa Lumang Tipan na may baluti sa dibdib, at ang mga pinuno ng simbahan at ang mga katungkulan ng simbahan sa Bagong Tipan, ang pastor, ang guro, ang propeta, ang evangelista, at ang mga manggagawa ng ministeryo ng Apostol ay kailangang maging bahagi ng partikular na desisyong iyon.

Mula sa aking karanasan kapag ang isang indibidwal ay gumawa ng pagpapasya na walang pagtatanong sa simbahan para tulungan sila sa paghahanap sa kalooban ng Dios at pagbibigay sa kanila ng tamang pasya, ang dahilan sa likod niyon, dahil hindi sila handang sumunod sa kalooban ng Dios at inuudyukan ng kanilang pagmamalaki, pagkamakasarili at kawalan ng takot sa Dios sa kanilang buhay, ngunit walang silang kamalayan sa mga bunga ng gayong walang pakundangang pagpapasya, at sila ang magiging unang mga tao na masasaktan para sa kanilang maling pagpapasya.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Lumapit ngayon sa Dios sa pagpapakumbaba at magsisi upang talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan, ang iyong pagkamakasarili at ang iyong pagmamataas, kalayaan mula sa Dios at sa Kanyang mga daan.

Huwag hayaang kontrolin ka ng kasinungalingan. Huwag mong sabihin na nasa akin ang Banal na Espiritu at hindi ko kailangang pumunta sa simbahan at humingi ng payo sa paggawa ng aking desisyon. Diyablo sinasaway ko kayo ngayon sa pangalan ni Jesus; lumayo sa simbahan ng Dios. Napuspos si Josue ng Espiritu ng karunungan ngunit kailangan pa rin niyang lumapit kay Eleazar na saserdote para sa paggawa ng desisyon. Dapat mong mapagtanto na kung susuwayin mo ang Dios at gawin ang iyong sariling pagpapasya, kung gayon ikaw ang unang maaapektuhan.

Siyasatin ang iyong sarili ngayon sa presensya ng Dios, ng Banal na Espiritu, upang makita mo ang iyong mga pagkakamali at ang maling gawa na ginawa mo laban sa iyong sarili at laban sa Dios, laban sa iba at laban sa simbahan. Maging handa ring batahin ang pananagutan sa ginawa mong mali at maling desisyon na nagawa mo; at bilang ginawa mo iyon tutulungan ka ng Panginoon at pagiginhawain ka at gagabayan ka at panunumbalikin ka na gawin ang Kanyang kalooban.

Ngayon lumapit sa Panginoon sa pagsisisi, pagtatalagang muli ng iyong sarili sa mga alintuntunin na iyong natutunan sa mensaheng ito.

- Ipangako ang iyong sarili na handang magpakumbaba, at maging bukas at ipaalam ang iyong mga suliranin at pakikibaka na pinagdadaanan mo sa simbahan.
- Ipangako ang iyong sarili na ipagbigay alam sa simbahan ang mahalagang desisyong gagawin mo.
- Ipangako ang iyong sarili na maging handa sa paggawa ng kalooban ng Dios at ng mabuting plano niya para sa iyo.
- Ipangako ang iyong sarili na gawin ang ibinibigay namin sa iyo mula sa mga payo at tagubilin na natatanggap natin mula sa Dios na Banal na Espiritu.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa aral na tinanggap ko ngayon mula sa iyong Salita kung paanong gumawa ng tamang pagpapasya at mamuhay na naayon sa iyong kalooban.*

*Ngayon ipahayag at talikdan ang iyong mga kasalanan. Talikdan ang kasalanan ng pagmamalaki, ego, pagkamakasarili, ang kasalanan ng paggawa ng iyong sariling kalooban at plano, at iyong kawalang kahandaang ipaalam sa simbahan ang iyong mga pakikibaka at ang masaklap na pagpapasya na ginawa mo sa iyong buhay, at ang iyong kawalang kahandaaang sumunod sa simbahan at sa aming mga tagubilin sa iyo. Panginoon ipinagtapat at tinatalikdan ko ang sumusunod na mga kasalanan ________________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na makipagtulungan sa iyo at sa iyong simbahan sa parang maging bukas sa mga namumuno ng simbahan, handang buksan sa kanila ang mapanganib na mga usapin na pinagdaanan ko, Panginoon handa akong maging masunurin sa tagubilin na ibibigay nila sa akin at gagabayan nila ako na gawin ang iyong kalooban sa aking buhay.*

*Panginoon tulungan mo ako, bigyan mo ng pagkilala at pag iingat upang gumawa ng tamang pagpapasya sa bagay na ito _________________________.*

*Panginoon salamat para sa lahat ng aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at handang isagawa ang mga tagubilin na natutunan namin ngayon sa kanilang buhay. Panginoon pagpalain sila, protektahan sila at ibigay ang kanilang pangangailangan, at tulungan silang magpatuloy na maglingkod sa iyo at ipamuhay ang kanilang buhay para sa iyo. Panginoon tulungan kami na gabayan sila at ibigay sa kanila ang tamang payo na nagmula sa iyong Salita at sa patnubay ng Banal na Espiritu.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kaming magpatuloy na pinamumunuan mo na gawin ang iyong gawain at ng iyong kalooban. Panginoon bigyan kami ng pagkilala at paging dapatin kaming makilala at makita ang pandaraya ni Satanas at ang mga pandaraya ng mga namumuhay sa kasinungalingan at sinusubukang dayain kami. Panginoon puspusing kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon tulungan kami na yumaon at mag evangelio abutin ang bagong mga tao, gumawa ng bagong mga alagad, sanayin ang bagong mga manggagawa, at magtanim ng bagong mga pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 2. Deutronomio 34:9. Bilang 27:18-23. Josue 9:1-27. Exodu 39:6-14. Levitico 8:6-8. Filipos 2:4. Filipos 2:19-21.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com